# ATM

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Pebrero 13, 2021

Ang Automated Teller Machine (ATM) ay isang bagong pag-usad sa teknolohiya para sa pag- iipon, paglilipat at maging sa pagbabayad. Pinapagaang nito ang ating buhay. Maaari tayong makakuha ng pera anumang oras nating gustuhin. Ngunit marami ring sagabal; pwede itong maubusan. Subalit hindi tayo dapat mag-alala dahil may isang ATM na hindi nauubusan. Walang limitasyon ang maaaring maibigay; lagi itong nagagamit, at ang pinakamahalaga nito, ito'y libre. Ito ang espiritwal na ATM: Ang Tanging Mayaman.

**1.Ano ang kahulugan ng "Walang Laman"?**

**1.1** Maraming kahulugan ang kawalan ng laman. Minsan, ang pagiging walang laman ay maaaring dahilan ng estadong kaisipan - nakayayamot, o hindi gustong kalagayan. Marahil maraming nakaranas ng kawalan ng kabuluhan, sinubukan ng iba na punan ang kakulangang ito sa pamamagitan ng paghahanap ng kayamanan at tagumpay. Ngunit, wala ni isa man ang nakapagbigay ng ganap na tuwa't galak.

**1.2.** Kahit si Haring Solomon, sa kanyang karunungan at kayamanan, naniwala na ang lahat ng bagay ay walang kabuluhan (Mang.1:2). Ang bawat isa sa atin ay mayroon bakyum na walang makapupuno kundi ang Diyos lamang.

**1.3.** Alam ni Jesus kung tayo'y malapit ng mawalan ng laman. Sinadya Niyang dumaan sa Samaria upang makita ang babaeng Samaritana.( Jn.4: 1-30).

**1.4.** Bago tayo magutom at mauhaw kay Kristo, kailangan muna nating mapagtanto na ang mga bagay sa buhay natin ay hinding-hindi makapagbibigay ng ganap na kagalakan. Pagkatanggap ng Samaritana kay Jesus, ang Tubig na Buhay, kinalimutan na niya ang kanyang banga at itinuring niyang wala na itong halaga.

**2. Ano ang gagawin natin kapag tayo ay nalulumbay at pinanghihinaan ng loob?**

**2.1.** Dumulog sa Diyos sa panalangin (Isa.61:1-2)

**2.2** Makipag-ugnayan sa ibang Kristiyano (Gal.6:2)

**3.Ano-anong hakbang ang dapat sundin bago mapunan ni Jesus ng kaligayahang walang hanggang ang ating buhay?**

**3.1. Aminin na may Problema.**

Ang unang himala ni Hesus, ginawang alak ang tubig, ay isang halimbawa kung paano tatanggapin ang mga kamangha-manghang kagalakan sa buhay natin. Mahalaga ang alak sa bawat pagdiriwang ng mga Hudyo, simbolo ito ng kagalakan. Maaaring nabahala ang bagong kasal sa nangyaring kakulangan. Kailangan nating aminin sa Diyos na mayroon tayong problema.

**3.2. Idulog sa Diyos ang ating Problema.**

Noong naubos na ang alak, humingi ng tulong si Maria kay Jesus. Tulad ng presensya ni Jesus sa kasalan, sumasaatin din Siya araw-araw. Minsan hindi natin Siya nararamdaman, ngunit huwag tayong tumigil, tulad ng ginawa ni Maria, sa kabila nang malamig na tugon ni Jesus.

**3.3**. **Gawin kung anumang ipinagagawa ni Jesus sa iyo upang matugunan ang problema**.

Hindi lamang ang presensya ni Jesus sa kasalan ang naging solusyon. Upang tunay na maranasan ang presensya ni Jesus, dapat gawin natin Siyang Panginoon at hindi lang bisita. Dapat maluwag sa loob natin ang pagsunod sa Kanyang mga utos at hayaan Siyang lumutas sa ating mga problema.

**Konklusyon:**

Kailangang italaga natin ang ating sarili kay Jesus, ang Tagasagot sa ating Problema. Pinapalakas Niya ang ating nanghihinang espiritu. Kung isusuko natin ang ating sarili kay Jesus at tatalima sa Kanyang mga utos, pagpapalain Niya tayo ng kaligayahang walang hanggan. Ang nararanasan nating kagalakan ngayon ay katumbas ng pagtalima natin sa Kanyang mga utos.

**Pagninilay:** Posible bang magkaroon ng pagsubok at tukso ang taong may kagalakan sa puso? Paano ito nangyayari?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis Nida A. Cruz
Panghuling nag-edit at nag-aproba: Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
#himala #kaligayahan #pagsunod # kawalan
#kalungkutan #pinanghininaan ng loob